HALAW SA KATITIKAN NG IKA–46 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-26 NG HUNYO 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAOWIN CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan / Nangungulong Pinuno

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President;

HINDI DUMALO: Kgg. Hyra Jane A. Valdopeňas,
*(Vacation Leave)*

**KAPASIYAHAN BLG. 236- 2023**

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAIGTING NA PAGBATI KAY KA EDUARDO V. MANALO, TAGAPAMAHALANG PANGKALAHATAN, AT SA MGA KAPATID SA IGLESIA NI CRISTO SA MARANGAL NA PADAIGDIGANG PAGDIRIWANG AT PAGGUNITA SA IKA-ISANDAAN AT SIYAM (109) NA TAONG PAGKAKATATAG NG IGLESIA NI CRISTO NA GAGANAPIN SA IKA-27 NG HULYO 2023.**

**May Akda: SB ROMEL J. VILLANUEVA**
*Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon, Batas at Mga Usaping Legal*

**SAPAGKAT,** sa ika-27 ng Hulyo taong kasalukuyan ay ang pandaigidigang pagdiriwang at paggunita sa ika-isandaan at siyam na taong pagkakatatag ng Iglsia ni Cristo na ipinunla at itinaguyod ng kaunaha-unahang Tagapamahalang Pangkalahatan kapatid Felix Y. Manalo na nagbunsod sa kaganapan ng pakikinabang ng ating bansa at bayan sa bungang ispiritwal at mga aral na pinalaganap at itinuro ng kapatiran ng Iglesia ni Cristo;

**SAPAGKAT,** ang isang samahan na may ginintuang binhing yumabong sa isang kapita-pitaqgang tagapagtaguyod ng mga aral at gawaing pang-ispiritwal na nagdudulot ng disiplina at kagandahang asal ay nararapat lamang na bigyang pagkilala at parangal lalo't higit ang mga nagdaan at kasalukuyang tapagtaguyod mula sa mga Tagapamahalang Pangkalahatan Kapatid Felix Y. Manalo hanggang sa mga opisyales ng nasyonal at lokal sa bayan ng Cavinti, mga Tagapangsiwa ng Distrito, mga Diakono at Diakonesa at iba pang mga manggagawang kaisa sa mithiin ng Iglesia;

**SAPAGKAT,** ang Iglesia ni Cristo sa pamamagitan ng mga namumuno at mga kapatid sa pananamapalataya ang bumubuo sa pandaigdigang institusyon

ARRANTLEE V. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice - Mayor

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III

OFFICE OF THE MAYOR
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: manar
7/26/23

na nagpapakita ng pakikiisa, pagbibigay halimbawa at pagiging kabalikat ng pamahalaang lokal tulad ng Bayan ng Cavinti at mga mamamayan nito sa disiplina, sa mga programa at gawaing pambayan, sa pananatili ng kaayusan at kapayapaan, at mga makataong proyekto gabay ang dakila at banal na hangarin upang mapanatili ang pananalig sa lumikha, at walang humpay na pagbibigay kaalaman sa mga nilalaman at aral ng Banal na aklat tungo sa isang matatag na lipunan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang isang masusi talakayan sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, na pinangalawahan at buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ginagawang pagpapasiya ng Kgg. Sangguniang Bayan na **MAIGTING NA PAGBATI KAY KA EDUARDO V. MANALO, TAGAPAMAHALANG PANGKALAHATAN, AT SA MGA KAPATID SA IGLESIA NI CRISTO SA MARANGAL NA PADAIGDIGANG PAGDIRIWANG AT PAGGUNITA SA IKA-ISANDAAN AT SIYAM (109) NA TAONG PAGKAKATATAG NG IGLESIA NI CRISTO NA GAGANAPIN SA IKA-27 NG HULYO 2023.**

**IPINASIYA PA RIN,** na pagkalooban ng sipi ng Resolusyong at Sertipiko ng Pagpapahalaga at/o pasasalamat ito ang Punong Tapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia ni Cristo, ang kanyang Kabunyian Ka Felix Y. Manalo, ang Tagapamahala ng Distrito ng Laguna, Sta. Cruz, at ang lahat ng Ministro Destinado ng Lokal ng Iglesia ni Cristo sa Bayan ng Cavinti para kanilang kabatiran at kaukulang tala.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-46 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Barangay ng Paowin ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-26 ng Hunyo, 2023

**NANETTE V. JUAREZ**
Acting SB Secretary

SINANG-AYUNAN:

**MILBERT L. OLIVEROS**
Pangalawang Punumbayan

PINAGTITIBAY:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan